Filipino

Australian Government

NATIONAL CERVICAL SCREENING PROGRAM


A joint Australian, State and Territory Government Program

# Pagsusuri ng Matris – pagpapaliwanag ng iyong mga mapagpipilian

Ang Pagsusuri ng Matris tuwing 5 taon ay tutulong sa iyo na manatiling malusog, para sa iyong sarili at sa iyong pamilya



1. Ang pagsusuri ng matris ay isa sa pinakamahusay na paraan upang protektahan ang iyong sarili laban sa kanser sa matris – upang ikaw ay **manatiling malusog para sa iyong sarili at sa iyong pamilya.**



2. Ito ay isang **mabilis na pagsusuri** na magagawa mo **tuwing 5 taon** para sa isang virus na tinatawag na HPV na maaaring humantong sa kanser sa matris.




3. Kung ikaw ay isang babae o isang tao na may matris, may edad sa pagitan ng 25-74 na taong gulang, dapat kang **makipag-usap sa iyong doktor o nars** tungkol sa Pagsusuri ng Matris.




4. **Makapipili** ka kung paano gagawin ang iyong Pagsusuri ng Matris. May 2 opsyon at maaari mong piliin kung alin ang tama para sa iyo.




5. **Magagawa ng iyong doktor o nars ang pagsusuri para sa iyo.** Sa isang pribadong lugar, hihilingan kang maghubad ng iyong damit mula sa baywang pababa at mahiga na may takip na kumot.




6. Ang doktor o nars ay kukuha ng sampol mula sa iyong matris. Maaaring ito ay medyo hindi komportable pero hindi masakit. Tatagal lang ito ng ilang minuto.





7. O maaaring **ikaw mismo ang kumuha ng iyong sampol.** Ipapaliwanag sa iyo ng iyong doktor o nars kung paano ang pagkuha ng sarili mong sampol at bibigyan ka ng pribadong lugar.
Hilingin sa iyong doktor o nars na ipakita sa iyo ang isa pang gabay na katulad nito upang tulungan kang kumuha ng sarili mong sampol.



8. Ang dalawang opsyon ay ligtas na mga paraan para sa Pagsusuri ng Matris. Tandaan, maaari kang humiling ng babaing doktor o nars kung gusto mo.

**Mag-iskedyul ng appointment** upang makipag-usap sa iyong doktor o nars. Maaari mo ring:

- bisitahin ang **health.gov.au/NCSP-multicultural** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusuri ng matris
- tumawag sa **1800 627 701**
- tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **13 14 50** para kumuha ng tulong sa inyong wika.